



# **Kalagayan ng Manggagawang Pilipino**

Abril 2026

## Panimula

Ang agresyon ng Estados Unidos at Israel laban sa Iran ay nagdulot ng krisis sa suplay ng langis para sa maraming bansa. Sa buong daigdig, ang ispekulasyon at monopolyo sa langis ang dahilan ng overpricing. Pinalalala ito ng agresyon ng Estados Unidos at monopolyo ng iilang higanteng korporasyon ng petrolyo ang langis, bago pa man ito makuha mula sa ilalim ng lupa. Kabilang dito ang **China Petroleum Chemical Corporation, Royal Dutch Shell, Saudi Aramco, Exxon Mobil, BP America**, at iba pang multinasyunal na dominado ng Estados Unidos at mga bansa sa Europa. Bilang ang Pilipinas ay nakaasa sa pag-aangkat ng langis, lubhang naapektuhan ito ng naturang krisis.

Bunsod nito, sunod-sunod at malaki ang pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo sa lokal na merkado na nagdulot ng pagtaas ng pagkain, at iba pang pangunahing bilihan. Gayunpaman, tali ang kamay ng pamahalaan sa usaping ito dahil sa patuloy na pag-iral ng **Oil Deregulation Law**, na nag-alis sa kontrol ng pamahalaan sa pagtatakda ng presyo ng langis at nagbukas sa industriya sa kontrol ng iilang malalaking korporasyon.

Ang ganitong balangkas ay nakaugat sa neoliberal na oryentasyon ng ekonomiya kung saan ipinaubaya sa pwersa ng merkado ang regulasyon ng presyo at suplay. Sa ganitong kalagayan, lalong napapalakas ang kapangyarihan ng malalaking kumpanya ng langis sa pagdidikta ng presyo, lalo na sa panahon ng pandaigdigang krisis.

Dahil dito, higit na tumitindi ang pasanin sa mamamayan, lalo na sa mga manggagawang matagal nang nahaharap sa mababang sahod at mataas na gastusin sa pamumuhay. Habang patuloy na nakapagtatala ng malaking kita ang malalaking kumpanya ng langis at mga dayuhang korporasyon, ang karaniwang mamamayan ang higit na naapektuhan ng krisis.

## Sahod

Lalong naghihirap ang uring manggagawang Pilipino sa kabila nang patuloy na pagtaas ng kanilang ambag sa ekonomiya. Sa kabilang banda, patuloy naman sa pagkamal ng yaman ang uring may kapital, kapwa lokal at dayuhan, sa ating bansa.

Tumaas ang produktibidad ng mga manggagawang Pilipino ng 4.7% mula taong 2024 tungo sa taong 2025 habang patuloy sa pagbaba ang tunay na halaga ng sahod. Bunsod ito nang walang humpay na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihan na pinasidhi ng digmaang inilunsad ng US at Israel sa Iran. Sa National Capital Region (NCR) kung saan pinakamataas ang minimum na sahod (Php 695/araw), ang tunay na halaga lamang nito ay nagkakahalaga ng Php 547 noong Pebrero 2026. Sa Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao (BARMM) naman kung saan pinakamababa ang minimum na sahod (Php 411/araw), ang tunay na halaga na lamang nito ay Php 311. Higit pa, ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihan ay lalong nagpalaki ng agwat sa pagitan ng minimum na sahod at **Family Living Wage (FLW)**. Kapos ng Php 693 ang minimum na sahod sa NCR para maabot ang FLW sa naturang rehiyon samantalang P929 sa BARMM.

Region	Nominal Minimum Wage <sup>1</sup>	Real Wage <sup>2</sup>	Difference to Family Living Wage <sup>3</sup>
<b>NCR</b>	<b>695</b>	<b>547</b>	<b>693</b>
CAR	505	382	858
I	505	382	858
II	500	378	862
III	570	431	809
IV-A	600	454	786
IV-B	455	344	896
V	455	344	896
VI	550	416	824
VII	540	408	832
VIII	452	342	898

IX	439	332	908
X	486	368	872
XI	525	397	843
XII	460	348	892
XIII	455	344	896
<b>BARMM</b>	<b>411</b>	<b>311</b>	<b>929</b>

1. As of March 25, 2026. <https://nwpc.dole.gov.ph/>
2. Average Consumers Price Index (NCR and Area Outside NCR, February 2026. <https://psa.gov.ph/price-indices/cpi-ir>
3. Family Living Wage National Average December 2025, Ibon Foundation, <https://www.ibon.org/flw-regl-2512/>

Makikita sa sumusunod na mga talahanayan na ang mataas na presyo ng mga pangunahing bilingin at mabilis na pagsirit nito (consumer price index, inflation rate) ay higit na nakakaapekto sa pinakamahihirap na mga pamilya sa bansa (bottom 30% households).

Consumer Price Index: Bottom 30% Households vs. All Income Households, Philippines, All Items

Households	Average 2025	January 2026	February 2026	March 2026
Bottom 30% Households	<b>129.4</b>	<b>132.8</b>	<b>133.6</b>	<b>135.4</b>
All Income Households	128.2	131.0	131.2	133.0

Inflation Rate: Bottom 30% Households vs. All Income Households, Philippines, All Items

Households	Average 2025	January 2026	February 2026	March 2026
Bottom 30% Households	0.3	1.6	<b>2.5</b>	<b>4.2</b>
All Income Households	<b>1.7</b>	<b>2.0</b>	2.4	4.1

Bukod sa patuloy na pagtaas ng produktibidad, ang uring manggagawa din ang pangunahing nag-aambag sa kita ng pamahalaan sa pamamagitan ng kanilang buwis o **Personal Income Tax (PIT)**. Batay sa pinakahuling datos noong 2024, ang PIT ay 27%

ng kita ng pamahalaan mula sa buwis na may pagtaas na 9.3% mula sa taong 2023. Samantalang ang buwis ng mga kapitalista sa pamamagitan ng **Corporate Income Tax (CIT)** ay mayroon lamang ambag sa kita ng pamahalaaan na 20% at may pagtaas na 6%. Higit pa, ang regresibo at pabigat sa mamamayang Pilipino na **Value Added Tax (VAT)** at **Excise Tax** ang may pinakamalaking bahagi na 33% at may pinakamataas na paglago na 23.4%. Ang VAT at Excise Tax ay mga buwis na ipinapataw sa mga produkto at serbisyo na lalong nagpapamahal ng bilingin na karaniwang kinukonsumo ng mga mamamayan, kabilang ang produktong petrolyo.

Sa kalagayang ito, marapat lamang na isabatas sa kagyat ang **Wealth Tax** para sa mga malalaking korporasyon at iilang bilyonaryo sa Pilipinas at tanggalin ang Excise Tax at VAT na pangunahing pinapasan ng mga mamamayan. Nang sa gayo'y maging progresibo ang sistema ng pagbubuwis sa ating bansa at sa kagyat ay magbigay nang kaginhawaan sa mamamayan.

<b>Bureau of Internal Revenue (BIR) Collections, 2024 (In billions, Php)</b>		
Taxes	Amount	Percentage
<b>Corporate Income Tax</b>	<b>583.71</b>	<b>20%</b>
<b>Personal Income Tax</b>	<b>764.63</b>	<b>27%</b>
<b>VAT and Excise Taxes</b>	<b>948.13</b>	<b>33%</b>
Others	184.42	7%
Percentage Taxes	136.32	5%
Transfer Taxes Etc.	234.9	8%
<b>Total</b>	<b>2851.6</b>	<b>100%</b>

[https://www.dbm.gov.ph/wp-content/uploads/DBCC\\_MATTERS/Annual-Fiscal-Report/2024/FY-2024-Annual-Fiscal-Report.pdf](https://www.dbm.gov.ph/wp-content/uploads/DBCC_MATTERS/Annual-Fiscal-Report/2024/FY-2024-Annual-Fiscal-Report.pdf)

Bukod sa pabigat na buwis ay nagpapahirap din sa uring manggagawa at mamamayan ang salat na serbisyong panlipunan. Halimbawa sa naaprubahang pambansang badyet ngayong 2026, ang nakalaaan sa sektor ng kalusugan ay 1.45% lamang ng **Gross Domestic Product (GDP)** o P448.125 bilyon. Ito ay lubhang mas mababa sa 5% sa itinakdang standard ng **World Health Organization (WHO)** o hindi

dapat bababa sa P1.4 trilyon ang nakalaang badyet sa kalusugan mula sa antas ng GDP ng bansa na P28 trilyon.

Sa ganitong kalagayan, maaari pang lumaki ang gastusin ng sambayanang Pilipino para sa kanilang pagpapagamot. Ayon sa pinakahuling tala ng **Family Income and Expenditure Survey (FIES)** ng pamahalaan, pangalawa sa pagkain ang kalusugan sa pinagkakagastusan ng pamilyang Pilipino. Batay sa tala, noong taong 2024 ay may 42.7% **out of the pocket (OOTP)** o mahigit na P615 bilyon na gastusin ang mga mamamayan sa kanilang pagpapagamot at hindi hamak na mas malaki pa sa inilaang badyet sa kalusugan ngayong taon. Ang naturang OOTP ay may pagtaas na 11.8% mula 2023. Higit pa, nagpapatuloy ang pag-iral ng pork barrel na tinatatayang aabot sa halos P1 trilyon. Ang ilan sa sinasabing pork barrel ay **Unappropriated Allocation, Medical Assistance to Indigent and Financially Incapacitated Patients (MAIFIP)**, at iba pa.

Ang MAIFIP ay may pondo sa pambansang badyet ngayong taon na P51.6 bilyon. Ito ay mas mataas ng 25% kumpara sa nakaraang taon. Ito diumano ay may layuning pababain ang OOTP. Ngunit sa kabilang banda, ito ay tinagurian ding '*soft pork barrel*' dahil sa iskema ng patronage. Upang makakuha ng pondo sa MAIFIP kinakailangang humingi muna ng guarantee letter ang mga pasyente sa mga pulitiko upang patunayan ang pagiging indigent nito at kinakailangang ding dumaan sa napakaraming burukratikong mga proseso.

Pinuna ng **Commission on Audit (COA)** sa kanilang ulat noong 2024 ang naturang iskema ng MAIFIP. Ayon sa naturang ulat, mayroon diumano itong P301.97 milyong unliquidated fund transfers at P2.9 milyon non-observance of the eligibility assessments of patients. Mayroon din itong mahigit P3 bilyong underutilized na pondo na ang ilan sa sinasabing dahilan ay ang naantalang paglabas ng pondo at masalimuot na proseso para makakuha ng tulong pinansyal ang pasyente. Sa ganitong gana, sinabi rin ng COA na maaaring hindi matupad ang layunin ng MAIFIP na mapababa ang gastusin ng mga mamamayan sa pagpapagamot.

Ang nasabing iskemang pangkalusugan ay malinaw na hindi maaasahan, sapagkat nabigo itong mapababa ang gastusin ng mga mamamayan sa pagpapagamot at, sa halip, ay nagbubukas pa ng

posibilidad na magamit ang pondo sa mga gawaing may kaugnayan sa korapsyon. Higit na nararapat na ang serbisyong pangkalusugan ay hindi nakadepende sa paghingi ng pabor mula sa mga pulitiko, kundi tuwirang naipagkakaloob sa mamamayan. Kaugnay nito, mahalagang tiyakin ang sapat na alokasyon ng pondo para sa pagpaparami ng mga pasilidad pangkalusugan at para sa pagtaas ng sahod ng mga doktor, nars, at iba pang manggagawang pangkalusugan, upang mapalakas ang sistemang primary health care na nakatuon sa preventive na pangangalaga sa halip na sa curative na pamamaraan.

<b>CURRENT HEALTH EXPENDITURE BY HEALTH CARE FINANCING SCHEME, 2024</b>				
Levels (in million PhP)				
<b>Health Care Financing Scheme</b>	2023	2024	Growth rates (in percent)	Percent share to total (2024)
Government schemes and compulsory contributory health care financing schemes	496,710	643,121	29.5	44.7
Voluntary health care payment schemes	166,328	181,120	8.9	12.6
<b>Household out-of-pocket payment</b>	<b>550,079</b>	<b>615,157</b>	<b>11.8</b>	<b>42.7</b>
<b>TOTAL CURRENT HEALTH EXPENDITURE</b>	<b>1,213,117</b>	<b>1,439,397</b>	<b>18.7</b>	<b>100</b>

<https://psa.gov.ph/statistics/pnha/tables>

Sa kabila ng lahat ng paghihirap ng uring manggagawa ay patuloy sa pagkamal ng yaman ang uring may kapital na lokal at dayuhan sa Pilipinas. Noong 2025, ang 50 pinakamayayamang Pilipino ay may P4.9 trilyong net worth, katumbas ng 21% porsyento ng GDP sa kaparehas na taon. Batay naman sa pinakahuling datos ng **Top 1000 Corporations** noong 2024, ang naturang mga kompanya

ay may kabuuang revenue na P19.51 trilyon na katumbas ng 87.72% ng GDP sa kaparehas na taon at may pagtaas na 8.1% kumpara noong 2023. Mula sa naturang revenue, ang Top 1000 Corporations noong 2024 ay nagkamal ng P2.16 trilyong tubo. Sa kabuuan ng mga kompanya sa bansa, ang naging bahagi nito sa GDP o capital share noong 2024 ay 57% o P15.07 trilyon, habang ang labor share ay mayroon lamang 34.8% o P9.22 trilyon.

Nangangahulugan na sa patuloy na pagtaas ng produktibidad, at presyo ng bilingin ay labis labis ang pakinabang na nakakamal ng uring may kapital, habang lalong naghihirap ang uring manggagawa at sambayanang Pilipino. Makatwiran ang paggigiit ng nakabubuhay na sahod at hindi kailanman ito magdudulot ng pagkalugi kahit pa ng maliliit na negosyante o **Micro-Small-Medium Enterprises o MSMEs**. Batay sa kompyutasyon mula ng **Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER)** mula sa datos ng pamahalaan, mababawasan lang ng 55% ang tubo ng Micro, samantalang 48% ang Small, ang Medium ay 46%, habang pinakamaliit ang mababawas sa tubo ng Large Enterprises na 42% (Annex).

## Trabaho

Ayon sa **Disyembre 2025 Labor Force Survey**, 49.43 milyong Pilipino ang may trabaho. Sa bilang na ito, 3.93 milyon ang underemployed, o mga indibidwal na nagpahayag ng kagustuhang magkaroon ng dagdag na oras ng trabaho, dagdag na trabaho, o bagong trabaho na may mas mahabang oras. Ang karaniwang lingguhang oras ng paggawa ng isang empleyado ay tumaas sa 41.2 oras.

Sa detalye ng oras ng paggawa, may 9.55 milyong manggagawa ang nagtatrabaho nang higit sa 48 oras kada linggo. Sa bilang na ito, 6.03 milyon o tatlo sa bawat lima ay nagsabi na pangunahing dahilan ng mahabang oras ng trabaho ang karagdagang kita. Samantala, may 13.84 milyong manggagawa naman ang hindi umaabot sa 40 oras lingguhan. Sa grupong ito, 9.15 milyon o pito sa bawat sampu ang nagsabi na ang kalikasan o katangian ng kanilang trabaho ang dahilan ng mas mababang oras ng paggawa. Kabilang dito ang mga part-time workers at mga manggagawang wala sa pormal na empleyo, na kadalasan ay hindi nakatatanggap ng benepisyo o panlipunang proteksyon.

Sa kasalukuyan, ipinatupad ni Ferdinand Marcos Jr. ang compressed work week o apat na araw na pasok sa ilang ahensya ng gobyerno bilang tugon sa krisis sa langis. Noong Marso 9, 2026, opisyal na sinimulan ang implementasyon ng patakarang ito upang mabawasan ang konsumo ng gasolina at enerhiya dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis na dulot ng tensyon sa **Gitnang Silangan**.

Sa kasunduan ng **Compressed Work Week (CWW)**, nakasaad na ang dagdag na oras hanggang sa kabuuang lingguhang oras ay itinuturing na “normal”, kaya hindi binabayaran bilang overtime premium ang unang mga oras kahit lampas na ito sa 8 oras. Halimbawa, kung pumayag ang isang empleyado sa 4x10 setup, ang 2 oras na lampas 8 kada araw ay itinuturing na bahagi ng normal na iskedyul, kaya walang 25% extra pay. Ito ay ayon sa “*non-diminution of benefits*” clause ng batas, na nagsasabing hindi dapat mabawasan ang kabuuang sahod. Sa madaling sabi, kinokompensasyon na ang kabuuang 40 oras sa bagong istraktura, kaya walang idudugtong na overtime pay kung hindi lalampas sa set na 40 oras kada linggo.

Binanggit ng **BIEN (2017)** na sa praktika, “malaki ang posibleng bawas sa sahod kung hindi nakapasok nang araw” sa scheme ng CWW. Kahit na pinoprotektahan ng batas ang sahod, nag-aalala sila na kapag absensiya ang dahilan (hal., hindi pagpasok isang araw), mababawasan ang sahod ng mas malaki kumpara dati. Ibig sabihin, ang istrukturang ito ay maaaring sadyang gamitin para bawasan ang benepisyo o pasahod kung kakaunti ang araw na pinapasok ng manggagawa.

Sa aspetong kondisyon sa trabaho, ayon sa WHO at **International Labour Organization (ILO) (2021)**, humigit-kumulang 745,000 katao ang namatay global sa 2016 dahil sa long working hours (55 oras kada linggo), na kinabibilangan ng ischemic heart disease at stroke. Ipinapakita rin sa ulat na ang pagtatrabaho ng 55 oras ay nagdudulot ng 35% mas mataas na panganib sa stroke at 17% sa heart disease. Sa lokal na konteksto naman, nagbabala ang mga health advocacy group na maaaring “*mapahaba hanggang 12 oras*” ang araw ng trabaho sa 4-day CWW, nanganganib ang manggagawa sa mas matagal na eksposisyon sa panganib sa trabaho. Base sa isang pagsusuri ng **Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD)** sa Pilipinas, tuwirang ipinahayag na ang

mas matagal na oras sa trabaho ay nagpapahaba ng pagkakalantad sa panganib sa trabaho, na nagpapataas ng risk sa aksidente at sakit. Halimbawa, tumataas ng 37% ang panganib ng trabaho (injury/ aksidente) sa tuwing magiging 12 oras kada araw ang iskedyul. Dahil dito, mahirap iwasan ang pagkapagod na maaaring magbunsod ng pisikal na pinsala.

Ang bilang ng mga walang trabaho noong Disyembre 2025 ay naitala sa 2.26 milyon, na katumbas ng pagtaas na humigit-kumulang 10,000 katao. Bukod dito, 35.6% o 28.82 milyong Pilipino na may edad 15 pataas ang kabilang sa tinatawag na persons not in the labor force. Ayon sa depinisyon, sila ay mga indibidwal na hindi employed at hindi rin naghahanap ng trabaho sa itinakdang reference period. Kabilang dito ang mga nag-aaral, retirado, persons with disability (PWD), at mga kababaihan na gumagampan ng housekeeping at domestic work.

Ang pinakamalaking bahagi ng mga empleyado ay nasa sektor ng serbisyo na may 62.4% o 30.85 milyon. Pumapangalawa ang agrikultura na may 20.7% o 10.23 milyon, at nasa hulihan ang industriya na may 16.9% o 8.35 milyon.

Sa loob ng sektor ng agrikultura, pinakamarami ang empleyo sa subsektor ng Agriculture and Forestry na may 18.8% o humigit-kumulang 9.29 milyon. Sa sektor ng industriya, pinakamalaki ang bahagi ng konstruksyon na may 9.7% o 4.79 milyon, na sinusundan ng manufacturing na may 6.8% o humigit-kumulang 3.35 milyon. Sa loob ng manufacturing kabilang ang mga industriyang tulad ng electronics at garments, na parehong mahalagang pinagmumulan ng trabaho lalo na sa mga pabrika at export-oriented industries.

Samantala, ang iba pang subsektor tulad ng mining and quarrying na may 0.4% o 0.22 milyon, at electricity, gas, utilities, at water supply at waste management na may humigit-kumulang 0.3% o mahigit 0.2 milyon ay mas maliit ang ambag. Sa sektor ng serbisyo, ang pinakamalaking subsektor ay Wholesale and Retail Trade; Repair of Motor Vehicles and Motorcycles na may 20.5% o 10.14 milyon, kasunod ang Accommodation and Food Service Activities na may 5.7% o 2.82 milyon.

Batay sa uri ng manggagawa, 64.2% o humigit-kumulang 31.73 milyon ang wage and salary workers noong Disyembre 2025. Sa bilang na ito, 49.9% o 24.66 milyon ang nagtatrabaho sa pribadong establisimyento, 5.5% o 2.72 milyon ang kabilang sa mga pamilya na nagmamay-ari ng negosyo o sakahan, at 14.3% ay nagtatrabaho sa gobyerno o government-owned and controlled corporations.

Batay sa ulat ng **Civil Service Commission (CSC)** noong 2025, may kabuuang 1,873,505 na kawani ng gobyerno na nasa permanenteng posisyon, at 29,813 naman ang nasa temporaryong appointment. Samantala, ang non-career service ay binubuo ng 225,438 na empleyado, kabilang ang mga contractual, casual, coterminous, at mga halal na opisyal. Ayon sa mga panuntunan ng pamahalaan, ang mga manggagawang nasa ilalim ng **Contract of Service (COS)** at **Job Order (JO)** ay hindi itinuturing na may employer-employee relationship sa gobyerno; tinatayang may 205,302 na nasa COS at 419,058 naman ang nasa JO habang mayroong kabuuang 74,491 na manggagawa sa mga **Government-Owned and Controlled Corporations (GOCCs)**. Sa bilang na ito, 62,308 o 3.33% ang empleyado sa career service, habang 12,183 o 5.40% naman ang nasa non-career service. Gayunpaman, malaki rin ang bilang ng mga nasa COS at JO, kaya maraming manggagawa ang may hindi tiyak na katayuan at benepisyo.

Ayon sa **Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD)**, tinatayang 66.6% o humigit-kumulang 32.9 milyon ay kabilang sa impormal na sektor. Batay sa depinisyon ng OECD, ang impormal na trabaho ay inilalarawan bilang kawalan ng ganap na proteksiyong panlipunan at pang-manggagawa. Kabilang dito ang mga manggagawa sa maliliit na negosyong hindi rehistrado at ang mga nagtatrabaho nang impormal sa loob ng mga pormal na kumpanya, na kadalasang nailalarawan ng mababang produktibidad, kakulangan sa benepisyo, at pagiging vulnerable. Samantala, batay sa datos ng PSA, tinatayang nasa 16.95 milyon ang bilang ng mga manggagawang kabilang sa impormal na sektor. Gayunpaman, mas mababa ang bilang na ito kumpara sa datos mula sa OECD. Ito ay dahil sa magkaibang depinisyon na ginagamit ng dalawang institusyon. Sa kaso ng PSA, ginagamit nito bilang proxy o panumbas

sa impormal na sektor ang bilang ng mga self-employed at mga sahurang manggagawa sa mga family-owned enterprises.

Sa hanay ng mga kabataan (edad 15–24), ang labor force participation rate ay nasa 31.1% noong Disyembre 2025, habang ang employment rate ay 87.8%. Sa 5.49 milyong kabataang may trabaho, tinatayang 448,000 ang underemployed, na katumbas ng 8.2% youth underemployment rate.

Mahalaga rin ang edukasyon sa uri ng trabahong napapasukan. Ayon kay **Prop. Emily Cabegin**, guro sa **School of Labor and Industrial Relations, Unibersidad ng Pilipinas (UP)**, ang mga may '*less than high school education*' ay binubuo lamang ng 8.6% ng pormal na empleyo ngunit 57.4% ng impormal na empleyo. Ang high school graduates ay may 21.3% sa pormal at 24.7% sa impormal, habang ang may '*some college education*' ay 20% pormal at 11.3% impormal. Pinakamalaking bahagi sa pormal na sektor ang mga college graduate, na 50.1% ng pormal na empleyo at 6.6% lamang ng impormal. Ipinapakita ng datos na hindi garantiya ang college degree para makapasok sa pormal na sektor, at patuloy pa rin ang hamon sa mga kabataan sa pagkakaroon ng sapat at maayos na trabaho, kabilang ang kakulangan sa oportunidad para sa mas mahabang oras ng paggawa o karagdagang kita.

Ang kasalukuyang kalagayan ng trabaho sa bansa ay bunsod ng pagkabansot ng industriya at paglaganap ng impormal na trabaho. Dahil dito, maraming manggagawa ang napipilitang tanggapin ang mga trabahong di-permanente, may mahabang oras, at mababa ang seguridad sa kita, na naglilimita sa kanilang akses sa benepisyo at proteksyong panlipunan. Ang ganitong sitwasyon ay nagpapalala sa kahirapan at kawalang-katiyakan sa kabuhayan, at nagdudulot ng mas mataas na bulnerabilidad sa mga manggagawa, lalo na sa kabataan at sa sektor ng impormal na empleyo.

### **Kasarian**

Ayon sa **2025 Global Gender Gap Report**, ang Pilipinas ay nasa ika-101 pwesto batay sa tantos ng pakikilahok ng kababaihan sa pwersa ng paggawa o **labor force participation rate (LFPR)**. Mas mababa ito kumpara sa ika-98 pwesto ng bansa noong 2024. Bagamat tinala

ng report na mahusay ang rekord ng Pilipinas sa paglutas ng agwat sa pagitan ng mga kasarian sa larangan ng edukasyon, hindi ito tumatagos sa antas ng pakikilahok ng kababaihan sa pwersa ng paggawa. Sang-ayon dito ang datos mula sa pinakahuling **Labor Force Survey** noong Disyembre 2025 kung saan naitala ang 53.5% LFPR ng kababaihan. Malayung-malayo ito sa 75.2% LFPR ng kalalakihan.

Ayon sa isang pag-aaral, pangunahing salik sa malaking agwat sa pakikilahok sa pagitan ng dalawang kasarian ang nangungunang paggampan ng kababaihan sa gawaing bahay at pangangalaga ng pamilya. Sa pagpapakahulugan ng **Philippine Statistics Authority (PSA)** sa kategoryang *'persons not in the labor force,'* isa sa mga binibilang sa naturang kategorya ang mga buong panahon na gumagampan ng *'housekeeping'*. Mabigat na tulak pa rin ang mga gampanin batay sa kasarian (gender roles) sa pagtukoy ng pakikilahok sa paggawa, partikular ang *'tungkulin'* ng kalalakihan na magtrabaho o maghanapbuhay at ng kababaihan na mag-alaga ng pamilya. Sang-ayon dito ang resulta ng survey ng **Social Weather Stations (SWS)** noong Nobyembre 2025 kung saan 83% ng respondents ang umayon sa pahayag na *'ang trabaho ng lalaki ay kumita ng pera, ang trabaho ng babae ay mag-alaga ng pamilya'*. Samantala, 51% ang umayon sa pahayag na *'sa kabuuan, magdurusa ang pamilya kung may full-time na trabaho ang babae sa pamilya'*.

Gayundin, tinala ng naturang saliksik na ang mga kababaihan na muling nagtatrabaho matapos ang mahabang panahon nang pag-aalaga ng pamilya ay tumatanggap ng sahod na mas mababa kumpara sa kalalakiang may katulad na antas ng edukasyon ngunit may mas mahabang karanasan sa pakikilahok sa paggawa.

Naobserbahan din ng nasabing pag-aaral na higit na bulnerable ang mga kababaihan sa mga mapanganib na empleyo, kabilang na rito ang paggawang walang sahod (unpaid family work). Ayon sa **2023 Labor Force Survey**, 11.6% ng mga kababaihang may trabaho ang nagtatrabaho nang hindi tumatanggap ng sahod (unpaid family worker), higit doble kumpara sa 5.3% sa hanay ng mga kalalakihan.

Bukod sa pakikilahok, nanatili ang agwat sa sahod sa pagitan ng mga kasarian (gender wage gap).

Ayon sa **2024 Occupational Wages Survey**, ang mga manggagawang kababaihan na full-time na nagtatrabaho sa mga empresang na may higit 9 na manggagawa ay karaniwang tumatanggap ng PhP 22,236/buwan na sahod. Mas mataas ito ng 5.8% kumpara sa PhP 21,009/buwan na karaniwang sahod ng mga kalalakihan.

Sang-ayon dito ang ulat ng **World Bank (WB)** noong 2021 na nagtala na ang karaniwang sahod ng kababaihang manggagawa sa Pilipinas ay mas mataas ng 5-7% kumpara sa mga kalalakihan. Gayunman, ang mga kababaihan ay higit na konsentrado sa mga trabahong may mababang sahod at mga trabahong may mataas na sahod. Samantala, konsentrado ang mga kalalakihan sa mga trabahong may katamtamang antas ng sahod. Nakita rin sa ulat na bagamat higit na mas mataas ang antas ng edukasyon ng mga kababaihan manggagawa sa kabuuan, mas mababa ang sahod na tinatamasa ng mga kababaihan kumpara sa mga kalalakihan na nasa kapantay na antas ng edukasyon.

Ayon sa pinakahuling ulat ng **Center for Women's Resources (CWR)**, konsentrado ang mga kababaihan sa mga trabahong may mababang sahod tulad ng sales and service work at elementary occupations. Ang nabanggit na mga trabaho ay kinatatangian din ng mataas na gender wage gap: 26.2% sa sales and service work at 29.4% sa elementary occupations.

Naitala rin ang wage gap sa digital jobs. Ayon sa isang ulat, bagamat may pantay na oportunidad sa mga online na trabaho, ang mga kababaihang freelancers ay tumatanggap ng sahod na 18.4% na mas mababa kumpara sa mga lalaking freelancers.

Ayon naman sa pinakahuling tala ng PSA noong 2018, ang mga lalaking magsasaka ay tumatanggap ng karaniwang sahod na PhP 310.16 kada araw. Ito ay higit na mas mataas kumpara sa PhP 285.51 na karaniwang sinasahod ng mga kababaihang magsasaka kada araw.

Ang mga manggagawang LGBTQ+ ay kumakaharap din ng diskriminasyon sa lugar-paggawa. Ayon sa isang pag-aaral, ang mga Pilipinong LGBTQ+ ay dalawang ulit na mas bulnerable sa underemployment at tatlong ulit ang posibilidad na mapaloob sa bulnerableng mga trabaho. Maituturing na underemployed ang isang manggagawang may trabaho ngunit naghahanap ng dagdag

oras-paggawa pangunahin dahil sa pangangailangan ng dagdag kita. Ang bulnerableng trabaho naman ay kinapapalooban ng self-employment at trabahong walang sahod. Tinala rin sa pag-aaral na ang mga manggagawang LGBTQ+ ay tatlong ulit na mas bulnerable sa harassment at karahasan sa lugar-paggawa.

Sa kabuuan, ang mga umiiral na polisiya na naglalayong protektahan ang karapatan ng mga manggagawang kababaihan at LGBTQ+ ay hindi sapat upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa lugar-paggawa. Sinasalamin nito ang kalagayan sa pandaigdigang saklaw. Ayon sa UN Women, aabutin ng 286 taon bago maipatupad ang mga ligal na repormang nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa buong daigdig. Sa ganitong gana, ang mga sumusulong na pagsusumikap ng mga organisasyon at advocates tulad ng pagsumite ng ‘*Safe World of Work*’ at **SOGIE Equality bills** sa Kongreso ay hakbang pasulong upang mawaksi ang diskriminasyon sa lugar-paggawa at sa iba pang aspeto ng pribado at pampublikong buhay ng mga manggagawang kababaihan at LGBTQ+.

## Karapatan

### *Kalagayan ng Unyonismo*

Ayon sa tala ng **Bureau of Labor Relations (BLR, 2025)**, mayroong 6.89 milyong manggagawa ang napabilang sa 159,926 rehistradong organisasyon ng paggawa. Sa bilang na ito, pinakamalaking bahagi nito o nasa 138,976 (86.9%) na organisasyon na may 4.48 milyong miyembro ay nabibilang sa workers’ associations. Nasa 188,849 (11.8%) naman ang nasa pribadong sektor na may 1.71 million na miyembro. Ang natitirang bahagi ay nasa 2,101 na organisasyon na nagrerepresenta ng manggagawa sa pampublikong sektor na may kabuuan na 695,731 na miyembro.

*Organisadong Manggagawa sa mga Asosasyon at Unyon (Ikaapat na Kwarto ng 2025)*

Kategorya	Dami (Q4 2025)	Tantos ng organisadong manggagawa
Labor Force	51.69 million	13.33%
Employed	49.43 million	13.94%
Wage and Salary	31.73 million	21.71%

Private sector	24.66 million	6.93% (1.71 milyon/24.66 milyong manggagawang nakapaloob sa private enterprise-based unions)
Public sector	4.84 million	14.37% (695,731/4.84 milyong manggagawang nakapaloob sa public sector employees' organization)

May maliit na paglaki sa bilang ng miyembro ng mga unyon ngunit hindi ito nakakasabay sa bilang ng mga manggagawa sa sektor. Pinapakita nito ang pagliit ng trade union density rate o porsyento ng mga manggagawa na nabibilang sa unyon. Ayon sa **Danish Trade Union Development Agency (DTDA)**, hindi pa aabot sa kalahati ng OECD average na 16% ang union density rate ng Pilipinas. Nasa 6.93% lamang ang organisado sa loob ng pribadong sektor sa kasalukuyan.

Sa pinakahuling tala sa **Integrated Survey on Labour and Employment**, sa bilang ng mga organisadong mga manggagawa, nasa 45% ang kababaihan ngunit sa bawat pitong officer ng unyon, dalawa lamang ang babae.

Mas maliit pa ang bilang ng mga manggagawang nakikilahok sa **collective bargaining agreement (CBA)**. Ayon sa ulat ng BLR, umabot sa 1,312 ang CBA sa ikaapat na kwarto na sumasaklaw sa 308,956 na manggagawa. Aabot lamang ng 18% ng mga manggagawang nakapaloob sa private enterprise-based unions ang saklaw ng CBA. Kung ikukumpara sa pandaigdigang pamantayan, ang karaniwang saklaw ng CBA sa mga bansa na nabibilang sa OECD ay 32%. Doble ito sa kasalukuyang miyembro ng mga unyon dahil saklaw ng CBA ang mga manggagawa na miyembro man ng unyon o hindi.

Mahalaga ang papel ng mga unyon para sa patuloy na sama-samang paglaban para sa nakabubuhay na sahod at mabuting kondisyon sa trabaho. Dagdag pa rito, ang malakas na kilusang paggawa ay ang magtutulak sa pagtataguyod ng disentang trabaho para sa lahat sa pambansang antas.

### *Occupational Safety and Health*

Ayon sa datos mula sa **2025 Annual Occupational Safety and Health Incident Report**, umabot ng 516 occupational safety and health incidents noong nakaraang taon. Tinatayang nasa 369 na manggagawa ang nawalan ng buhay habang 516 naman ang injured. Pangunahing dahilan ng mga insidente na ito ay transportation-related kung saan pinaka-nakamamatay ang mga aksidente sa daan para sa mga manggagawa.

<b>Accidents</b>	<b>Number of Cases</b>
Road traffic injuries	211
Violence and harassment by people or animals	155
Fire/Explosion	32
Electrocutions	41
Collapse	18
Others	17
Exposure to harmful substances or environment	16
Crashes or stuck by equipment/machines	10
Slips, trips, and falls	8
Occupational stress, burnout and fatigue	4
Contact with high or low temperature	3
Illness	1

Pinakamataas ang natalang insidente sa sektor ng services na may 397 na kaso. Susunod ang industry na may 82 na kaso kung saan kalakhan ay mula sa construction na may 57 na kaso. Pangatlo naman ang agriculture, forestry, and fishing na may 43 kaso at 14 na kaso naman para sa ibang sektor.

Kaya naman inirerekomenda na magtatag ng mga naaangkop na hakbang sa **Occupational Safety and Health** sa trabaho lalo na sa

sektor ng transportasyon. Dapat kasama rito ang proteksyon para sa mga manggagawa sa impormal na sektor. Dapat ding ipasa ang **House Bill 5221** upang amyendahan at palakasin ang Occupational Safety and Health Law upang matiyak na may mga hakbang sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho na umaangkop sa klima para sa mga manggagawa.

*Pandaigdigang lokal na pakikibaka ng mga manggagawa*

Noong Marso 2026, patuloy ang mga protesta na nagigiit na ibasura ang Oil Deregulation Law, pagtanggap ng VAT at excise tax sa langis, at pagpapataas ng sahod. Ito ay sa pangunguna ng mga jeepney drivers at operators kasama ng iba't ibang sektor. Nagkaroon ng dalawang araw na tigil pasada mula March 26 hanggang March 27 na ikinasa ng mahigit sa 20 na grupo ng transportasyon. Bitbit din ng mga progresibong grupo ng kababaihan ang panawagan na tanggalin ang VAT at panagutin ang mga korap sa pagkilos na naganap noong Marso 8, **International Working Women's Day**.

Nasa 300 milyong manggagawa at magsasaka sa India ang nagkasa ng **pambansang general strike** noong ika-13 ng Pebrero. Bitbit nila ang panawagan laban sa apat na labour codes na nagpapahina sa collective bargaining, naghihigpit sa kanilang karapatan sa pagwelga, nag-aalis sa saklaw ng batas paggawa sa 70% ng mga pabrika, at nag-aalis ng karapatan ng mga manggagawa. Naganap ang aksyon sa mahigit 600 distrito sa buong India kung saan lumahok ang mga manggagawa mula sa iba't ibang industriya at sektor mula sa industrial belt, minahan, pampublikong sektor, banko, at transportasyon. Nakilahok rin ang mga manggagawa mula sa impormal na sektor na nagpapakita lamang ng lawak ng saklaw ng panawagan na bitbit sa aksyon na ito.

Noon Enero, pagkatapos ng 11 na taon ng paglaban, ipinagdiwang ng **Talents' Association of GMA (TAG)** ang desisyon ng Korte Suprema na nagdeklara sa 94 na miyembro bilang regular na empleyado ng network at nagbigay ng separation pay at back wages sa 50 manggagawang ilegal na tinanggal sa trabaho. Binubuo ang TAG ng mga cameramen, production assistant, mananaliksik, manunulat, at marami pang iba. Ito ay makasaysayang tagumpay para sa karapatan at pagpapatibay ng proteksyon para sa mga manggagawa sa media.

Sa buwan rin ng enero, mahigit 1,000 nars na Pilipino ang sumali sa malawakang welga sa mga ospital sa New York City. Humigit-kumulang 15,000 na nars mula sa **Mount Sinai Hospital, Mount Sinai Morningside and West, Montefiore Medical Center and NewYork-Presbyterian** ang sumama sa piket. Pagkatapos ng 41 araw na welga, ipinagdiwang ng **New York State Nurses Association (NSNA)** ang tagumpay sa kanilang kontrata. Ang kontrata na kanilang ipinaglaban ay nagsisiguro ng pagpapabuti ng kalagayan ng nars at ng kanilang mga pasyente. Kasama rito ang pag-eempleyo ng mas maraming bilang ng nars, proteksyon para sa mga benepisyong pangkalusugan, proteksyon laban sa karahasan sa lugar ng trabaho, proteksyon para sa mga migranteng nars at pasyente, at pagpapataas ng sahod ng 12% sa buong tatlong-taong kontrata.

### **Konklusyon**

Ang kalagayan ng paggawa sa Pilipinas ay nananatiling nakasandig sa interes ng kapital, sa halip na itaguyod ang kapakanan ng mga manggagawa. Sa gitna ng krisis sa langis at patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihan, lalong bumababa ang tunay na sahod at lumalayo sa nakabubuhay na antas. Kasabay nito ang laganap na kawalang seguridad sa trabaho, impormalisasyon, at mga patakarang nagpapahaba ng oras ng paggawa nang walang sapat na kabayaran, habang kaliwa't kanan ang mga atake sa karapatan sa pag-oorganisa. Hindi rin pantay ang kalagayan sa paggawa, lalo na para sa kababaihan at LGBTQ+, na higit na bulnerable sa diskriminasyon at mababang kalidad ng trabaho.

Ugat ng ganitong kalagayan ang pagkabansot ng lokal na industriya at agrikultura. Pinalalala ito ng dominasyon ng malalaking korporasyon, lokal man o dayuhan, na nagreresulta sa hindi pantay na hatian ng yaman na pabor sa kapital kaysa sa paggawa. Sa ganitong balangkas, nananatiling nakatali ang ekonomiya sa dayuhang interes at sa pag-asa sa importasyon, na lalong nagpapahina sa kakayahan nitong lumikha ng sapat, dekalidad, at disenteng trabaho.

Sa kabila nito, nananatiling mapagpasya ang sama-samang pagkilos ng mga manggagawa upang igiit ang kanilang mga karapata, sa nakabubuhay na sahod, seguridad sa trabaho, ligtas at makataong kondisyon sa paggawa, at kalayaan sa pag-oorganisa.

Kaakibat nito, mahalaga ang pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon na magpapaunlad sa lokal na produksyon, magpapalakas sa agrikultura at manupaktura, at lilikha ng sapat at disenteng trabaho. Sa ganitong paraan lamang matitiyak ang pangmatagalang pag-unlad ng ekonomiya na tunay na pakikinabangan ng mga manggagawang Pilipino.

## Sanggunian

- Barbosa, R. (2026).** IWWD 2026: Militant women lead fight against VAT, corruption, wars of aggression. <https://manilatoday.net/iwwd-2026-militant-women-lead-fight-against-vat-corruption-wars-of-aggression/>
- BPO Industry Employees Network (BIEN).** (2017, September 13). Compressed workweek is a bane to workers – BIEN. <https://bienphilippines.wordpress.com/2017/09/13/compressed-workweek-is-a-bane-to-workers-bien/>
- BusinessMirror.** (2022, September 5). Gender bias: Women digital workers face lower wages. <https://businessmirror.com.ph/2022/09/05/gender-bias-women-digital-workers-face-lower-wages/>
- BusinessWorld.** (2025, November 25). Philippines labor productivity rises in Q3 2025. <https://www.bworldonline.com/infographics/2025/11/25/714315/philippines-labor-productivity-rises-in-q3-2025/>
- BusinessWorld.** (2026, January 6). Top 1000 companies in the Philippines post P19.51 trillion gross revenues in 2024. <https://www.bworldonline.com/top-stories/2026/01/06/722368/top-1000-companies-in-the-philippines-post-p19-51-trillion-gross-revenues-in-2024/>
- Cabegin, E. C. (2018).** Incidence and micro-determinants of informal employment in the Philippines. *Philippine Journal of Labor and Industrial Relations*.
- Center for Women's Resources. (2026).** Ulat Lila 2026: Sa ilalim ng krisis at korapsyon: Kababaihan, bumabangon at lumalaban.
- Cigalal, I. N. (2019, October 31).** Gender pay gap in Philippine farm sector persisted in 2018 – PSA. *Philstar Global*. <https://www.philstar.com/business/2019/10/31/1964915/gender-pay-gap-philippine-farm-sector-persisted-2018-psa>
- Civil Service Commission. (2025).** Inventory of government human resource as of June 30, 2025.
- Commission on Audit. (2024).** Annual audit report: Department of Health. <https://www.coa.gov.ph/reports/annual-audit-reports/aar-ngs/#49-8102-department-of-health-2024-aar-ngs>
- Epetia, M. C. F. (2019).** Explaining the gender gap in labor force participation in the Philippines. *Japan Labor Issues*, 3(17).
- Forbes. (2026).** Philippines' billionaires list. <https://www.forbes.com/lists/philippines-billionaires/>

- Gregorio, A. (2025, April 12).** Study: LGBTQI+ Filipinos twice more likely to be underemployed. ABS-CBN News. <https://www.abs-cbn.com/news/business/2025/4/12/study-lgbtqi-filipinos-twice-more-likely-to-be-underemployed-1722>
- IBON Foundation. (n.d.)** FY26 health budget: Sick governance. <https://www.ibon.org/fy26-health-budget-sick-governance/>
- IndustriALL Global Union. (2026)** India: 300 million workers mobilize. <https://www.industriall-union.org/india-300-million-workers-mobilize/>
- Institute for Occupational Health and Safety Development. (2022)** Compressed work week: Misguided policy for workers amidst fuel crisis. <https://iohsad.com/compressed-work-week-misguided-policy-for-workers-amidst-fuel-crisis/>
- Institute for Occupational Health and Safety Development. (2026)** 2025 annual occupational safety and health incident report. <https://iohsad.com/2025-annual-occupational-safety-and-health-incident-report/>
- ITUC-Asia Pacific. (2026)** India: Historic nationwide strike sees millions of workers and farmers mobilise for decent work and social justice. <https://www.ituc-ap.org/news-and-updates/india-historic-nationwide-strike-sees-millions-of-workers-and-farmers-mobilise-for-decent-work-and-social-justice>
- Llavanes Jr., D. (2026)** More than 1,000 Filipino nurses join massive hospital strike in New York City. GMA Network News. <https://www.gmanetwork.com/news/pinoyabroad/dispatch/972596/more-than-1-000-filipino-nurses-join-massive-hospital-strike-in-new-york-city/story/>
- Manila Bulletin. (2026, January 2)** Budget watchdogs flag P1 trillion in 2026 pork barrel items for veto. <https://mb.com.ph/2026/01/02/budget-watchdogs-flag-1-trillion-in-2026-pork-barrel-items-for-veto>
- Mayday Multimedia. (2026)** PH labor news roundup [Facebook post].  
Facebook. <https://www.facebook.com/maydaymidya/posts/fbid02Uej7gAN1iu8ktuu28u7uSbZ1z325rwYnE4sPRQwTyePY9eNvK46Rj1sXCppSDk4cl>
- New York State Nurses Association. (2026)** After 41 days, historic nurse strike ends. <https://www.nysna.org/press/after-41-days-historic-nurse-strike-ends>
- Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). (2026)** OECD economic surveys: Philippines 2026. OECD Publishing.  
<https://doi.org/10.1787/f0e0c581-en>
- Philippine Statistics Authority. (2012)** Technical notes on the labor force survey (LFS).
- Philippine Statistics Authority. (n.d.)** Family income and expenditure survey (FIES). <https://psa.gov.ph/statistics/income-expenditure/fies>
- Philippine Statistics Authority. (n.d.)** National accounts of the Philippines. <https://psa.gov.ph/statistics/national-accounts>
- Philippine Statistics Authority. (2025)** Fact sheet on women and men in the Philippines.
- Philippine Statistics Authority. (2025, October 13)** 2024 OWS and 2023/2024 ISLE national data dissemination forum [Video]. YouTube.  
[https://www.youtube.com/watch?v=YeZ\\_HEf7AeY&t=30s](https://www.youtube.com/watch?v=YeZ_HEf7AeY&t=30s)

- Philippine Statistics Authority. (2026).** December 2025 labor force survey.
- Philippine Statistics Authority. (2026).** Labor force survey (December 2025). <https://psa.gov.ph/statistics/labor-force-survey/node/1684082417>
- Sampang, D. (2026).** March 26–27 transport strike a ‘success,’ says Piston. Philippine Daily Inquirer. <https://newsinfo.inquirer.net/2202513/march-26-27-transport-strike-a-success-piston>
- Social Weather Stations. (2026).** Social weather report: 83% of Filipinos say a woman’s role is to look after the home and family; public opinion on the role of women has been conservative for many years. <https://www.sws.org.ph/swsmain/artcldisppage/?artcsyscode=ART-20260304171738>
- U.S. Bureau of Economic Analysis. (n.d.).** Gross operating surplus. <https://www.bea.gov/help/glossary/gross-operating-surplus>
- UN Women. (2022).** Progress on the sustainable development goals: The gender snapshot 2022. <https://www.unwomen.org/en/digital-library/publications/2022/09/progress-on-the-sustainable-development-goals-the-gender-snapshot-2022>
- World Bank. (2021).** Overcoming barriers to women’s economic empowerment in the Philippines. <https://documents1.worldbank.org/curated/en/099830103012227161/pdf/P173002056f08e0a909afd0d7c9f381c4d3.pdf>
- World Bank. (2022).** Philippines economic update. <https://documents1.worldbank.org/curated/en/099257004222532085/pdf/IDU-9f55581b-270d-4d05-8476-6e15baee76c7.pdf>
- World Economic Forum. (2024).** Global gender gap report 2024.
- World Economic Forum. (2025).** Global gender gap report 2025.
- World Health Organization. (2021, May 17).** Long working hours increasing deaths from heart disease and stroke: WHO, ILO. <https://www.who.int/news/item/17-05-2021-long-working-hours-increasing-deaths-from-heart-disease-and-stroke-who-ilo>

## Annex


The Impact of the Family Living Wage (FLW) on Enterprises' Profits in the Philippines									
Enterprises*	Number of Establishments*	Paid Employees*	Total Revenue (in thousand PhP)*	Total Expense (in thousand PhP)*	Compensation (in thousand PhP)*	Profit (in thousand PhP)	FLW Additional Expense (in thousand PhP)**	Profit minus FLW Expense (in thousand PhP)	Percentage Decrease to the Profit of FLW additional Expense
<b>Philippines</b>	<b>281,825</b>	<b>6,314,920</b>	<b>23,572,764,636</b>	<b>20,516,150,004</b>	<b>2,172,620,068</b>	<b>3,056,614,632</b>	<b>1,336,489,668,800</b>	<b>1,720,124,963,200</b>	<b>44</b>
Micro	196,607	779,581	2,633,532,284	2,331,021,258	178,869,104	302,511,026	164,990,522,840	137,520,503,160	55
Small	77,857	1,849,916	6,532,794,844	5,710,194,886	484,942,066	822,599,958	391,516,222,240	431,083,735,760	48
Medium	3,244	456,428	2,573,023,807	2,287,548,928	163,923,152	285,474,879	96,598,421,920	188,876,457,080	34
<b>TOTAL MSMEs</b>	<b>277,708</b>	<b>3,085,925</b>	<b>11,739,350,935</b>	<b>10,328,765,072</b>	<b>827,734,322</b>	<b>1,410,585,863</b>	<b>653,105,167,000</b>	<b>757,480,696,000</b>	<b>46</b>
<b>Large</b>	<b>4,118</b>	<b>3,228,996</b>	<b>11,833,413,701</b>	<b>10,187,384,932</b>	<b>1,344,885,746</b>	<b>1,646,028,769</b>	<b>683,384,713,440</b>	<b>962,644,055,560</b>	<b>42</b>

\*Based on Annual Survey of Philippine Business and Industry (ASPI) by PSA, 2022. <https://psa.gov.ph/content/2022-annual-survey-philippine-business-and-industry-aspbi-all-establishments-employment>

\*\*Based on the Ibon Foundation computation of Family Living Wage and Wage Gap to Minimum Wage of P740 (National Average, as of November 2022) used as additional expense per paid employee with multipliers of 22 days work per month and 13 months per year (inclusive of 13th month pay). <https://www.ibon.org/finw-vs-flw-nov22?td=1>



---

 Topaz Building, 99-101, Kamias Road,  
Brgy. Malaya, Quezon City, PH

 [research@eiler.ph](mailto:research@eiler.ph)

 [www.eiler.ph](http://www.eiler.ph)

**FOLLOW US**

 [/eilerincph](https://www.facebook.com/eilerincph)

 [/eilerinc](https://www.instagram.com/eilerinc)